

## Mga Sampol na Mensaheng Nagbibigay-Babala

Nasa ibaba ang mga sampol na mensaheng maaaring gamitin ng mga ahensiyang nagbibigay ng babala bilang gabay upang magsulat ng isang espesipikong mensaheng nauugnay sa isang lokal na emerhensiya. Ang mga sampol na ito ay hindi komprehensibo. Ang mga panghuling mensahe ay laging dapat na nakaangkop sa mga espesipikong pangangailangan ng katangi-tanging kaganapang nagdulot sa kanilang pangangailangan.

## Mga Sampol na Mensahe sa Paglikas

### *Mahahabang Mensahe*

- Ito ang [Agency] na may mandatoryong utos ng paglikas para sa [location]. Isagawa ang mga sumusunod na pumuprotektang aksyon at agad na lumikas; 1. Tipunin ang lahat ng miyembro ng pamilya. 2. Tipunin ang lahat ng alagang hayop. 3. Tipunin lamang ang mahahalagang bagay. 4. Siguraduhing dala ang mahahalagang gamot. 5. Patayin ang lahat ng kasangkapan at ilaw sa iyong tirahan. 6. I-lock ang iyong tirahan. Ang ruta sa paglikas ay: [Evacuation Route]. Ang Evacuation Center ay bukas sa [Name and Location of Evacuation Center]. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring subaybayan ang mga lokal na istasyon ng radyo at telebisyon, bisitahin ang [url], o tumawag sa [###-###-#####].
- Ang [Agency] ay nagpapalabas ng mandatoryong utos ng paglikas para sa [location]. Nagpalabas ang National Weather Service ng babala ukol sa baha para sa [location]. Dapat lumikas agad ang lahat ng residenteng nasa naapektuhang lugar. Isang Evacuation Center/Shelter ang bukas sa [location]. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa [insert resource]. Mangyaring makinig sa [radio station] para sa mga pinakabagong detalye.

### *Maikling Mensahe.*

- Utos ng Paglikas dahil sa banta ng Wildfire o Malaking Sunog sa Gubat para sa [location]-mga Detalye-sa-Lumikas-na-Ngayon sa website ng [Agency]

## Mga Sampol na Mensahe para sa Shelter-in-Place o Ligtas na Inabisong Lugar na Masisilungan

### *Mahahabang Mensahe*

- Ito ang [Agency] na nag-uulat ng iniuutos na shelter in-place o ligtas na inabisong lugar na masisilungan para sa mga residenteng nasa [location] dahil sa paglabas ng mapanganib na materyal. Agad na magsagawa ng pumuprotektang aksyon: 1. Agad na pumasok at manatili sa loob ng iyong tirahan o gusali. 2. Ipasok sa loob ang mga alagang hayop kung agad mo itong magagawa. 3. Isara ang lahat ng bintana at pinto. 4. Patayin ang mga aircon at mga heating system blower. 5. Isara ang mga fireplace damper o sarahan sa tsimineya. 6. Tipunin ang radyo, flashlight, pagkain, tubig at mga gamot. 7. Tawagan lamang ang 911 kung mayroon kang tunay na emerhensiya. Ipapaalam sa iyo kung kailan natapos ang mapanganib na kalagayang ito at kung ligtas nang lumabas at magbalik sa mga normal na gawain. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring subaybayan ang mga lokal na istasyon ng radyo at telebisyon, bisitahin ang [url], o tumawag sa [###-###-#####].
- Hinihiling sa lahat ng Fire Department na ang lahat ng nasa loob ng layong ½ milyang palibot ng [location] na pumasok sa loob at manatili sa loob dahil sa paglabas ng mga mapanganib na materyal.

Manatili sa loob, isara ang mga bintana, patayin ang iyong aircon, at ipasok sa loob ang iyong mga alagang hayop. May darating pang higit pang impormasyon. [\[link\]](#)

#### *Maikling Mensahe.*

- Paglabas ng Mapanganib na Materyal. Lahat sa loob ng ½ milya ng [\[location\]](#). Pumasok sa Loob. Manatili sa Loob. Manatiling Nakasubaybay.

### **Mga Sampol na Mensahe para sa Kaalaman sa Panahon**

#### *Mahahabang Mensahe*

- Ito ang [\[Agency\]](#) na nag-uulat ng mandatoryong utos ng paglikas para sa [\[location\]](#) dahil sa posibleng pagbaha. Isagawa ang mga sumusunod na pumuprotektang aksyon at agad na lumikas: 1. Tipunin ang lahat ng miyembro ng pamilya o ibang mga indibidwal. 2. Tipunin ang lahat ng alagang hayop 3. Tipunin lamang ang mahahalagang bagay. 4. Siguraduhing dala ang mahahalagang gamot. 5. Patayin ang lahat ng kasangkapan at ilaw sa iyong tirahan. 6. I-lock ang iyong tirahan. Ang ruta sa paglikas ay: [\[Evacuation Route\]](#). Ang Evacuation Center ay bukas sa [\[Name and Location of Evacuation Center\]](#). Para sa higit pang impormasyon, mangyaring subaybayan ang mga lokal na istasyon ng radyo at telebisyon, bisitahin ang [\[url\]](#), o tumawag sa [\[###-###-####\]](#).

- Nagbibigay ng prediksyon ang National Weather Service ukol sa pagbaha sa [\[location\]](#) sa loob ng susunod na 24 na oras. Ipinapaalam ng pulisya sa mga residenteng naninirahan sa lugar na ito na maging handa para sa posibleng paglikas sa anumang oras. **Narito** ang impormasyon sa kung paano maghanda para sa paglikas. May mga darating pang mga pinakabagong balita.

#### *Maikling Mensahe.*

- Banta sa Pagbaha para sa [\[location\]](#) Iwasan ang lugar. Bumalik-Huwag Malunod. Manatiling nakasubaybay para sa mga pinakabagong balita.

### **Sampol na Mensahe para sa Active Shooter o Aktibong Mamamaril**

#### *Mahabang Mensahe*

- Ito ang [\[Law Enforcement Agency\]](#) na nag-uulat na may isang active shooter o aktibong mamamaril na malapit sa [\[location\]](#). Iwasan ang lugar. Kung ikaw ay malapit sa [\[location\]](#), pumasok sa loob, manatili sa loob, at isagawa ang mga sumusunod na pumuprotektang hakbang: 1. Agad na pumasok at manatili sa loob ng iyong tirahan. 2. Ipasok sa loob ang mga alagang hayop kung agad mo itong magagawa. 3. Isara at i-lock ang lahat ng bintana at pinto. 4. Agad na tumawag sa 911 kung mayroon kang tunay na emerhensiya o ikaw ay nakarinig o nakakita ng anumang kahina-hinalang gawain na nasa o na malapit sa iyong lokasyon. Ipapaalam sa iyo kung kailan wala na sa panganib ang iyong kaligtasan. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring subaybayan ang mga lokal na istasyon ng radyo at telebisyon, bisitahin ang [\[url\]](#), o tumawag sa [\[###-###-####\]](#).

- Sa ganap na 11am, ipinapaalam ng Pulisya sa publiko na iwasan ang [\[insert location\]](#). Rumiresponde ang mga opisyal sa isang active shooter o aktibong mamamaril. Ang mga nasa nasabing lugar ay dapat na humanap ng masisilungan at i-mute ang mga phone. Kung nakaugnayan ang shooter o mamamaril, TUMAKBO, MAGTAGO, LUMABAN. Mangyaring pumunta sa [\[link\]](#) para sa karagdagang impormasyon at manatiling nakahanda para sa karagdagang tagubilin.

*Maikling Mensahe.*

- Active shooter o aktibong mamamaril na malapit sa **[location]**. Iwasan ang Lugar o Tumakbo, Magtago, Lumaban. Manatiling nakasubaybay para sa mga pinakabagong balita.